# Nakabigkis sa Tagapagligtas sa Pamamagitan ng mga Tipan at Ordenansa



BALANGKAS NG PAGSASANAY PARA SA MGA AREA, COORDINATING, MISSION, STAKE, WARD, AT BRANCH COUNCIL

*Sa pagsasanay na ito, makakikita at makaririnig kayo ng mga karanasan ng mga anak ng ating Ama sa Langit na nasa iba't ibang yugto sa landas ng pagiging nakabigkis sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga tipan at ordenansa. Maririnig ninyo kung paano sila natulungan ng pagmamahal, pagbabahagi, at pag-aanyaya na sumulong sa landas ng tipan nang may kagalakan. Maaari ninyong matukoy kung paanong ang pagbabahagi ng ebanghelyo, gawain sa templo at family history, at pangangalaga sa mga yaong nangangailangan ay may mahalagang papel na ginagampanan. Ngunit higit sa lahat, maaari ninyong mapansin kung paanong ang lahat ng bagay na ito ay "[tinipon] … kay Cristo" (Efeso 1:10).*

## YUGTO NG BUHAY 1: MGA BATA

**Panoorin ang video ni President Joy D. Jones at ng mga bata, at pagkatapos ay talakayin kung paano kayo hahayo at kung ano ang gagawin ninyo upang matulungan ang mga bata na ibigkis ang kanilang mga sarili sa Tagapagligtas sa landas ng tipan.**



- Ano ang itinuro sa atin ng Espiritu habang pinapanood natin ang video na ito?
- Paano nakatutulong sa mga bata ang mga alituntuning magmahal, magbahagi, at mag-anyaya habang sinisikap nilang ibahagi ang ebanghelyo?
- Paano nakatutulong sa mga bata ang paglilingkod sa pananatili nila sa landas ng tipan pagkatapos ng binyag?

## YUGTO NG BUHAY 2: MGA KABATAAN

**Panoorin ang video nina President Bonnie H. Cordon at President Stephen J. Lund at ng mga kabataan, at pagkatapos ay talakayin kung paano kayo hahayo at kung ano ang gagawin ninyo upang matulungan ang mga kabataan na ibigkis ang kanilang mga sarili sa Tagapagligtas sa landas ng tipan.**

- Paano natin maaaring matulungan ang mga kabataan na tuparin ang kanilang mga tipan sa binyag at makapaghanda para sa susunod na hakbang sa landas ng tipan?
- Paano nakatutulong sa mga kabataan ang mga alituntuning magmahal, magbahagi, at mag-anyaya upang makibahagi sa gawain sa templo at family history?
- Paano natin maaaring matulungan ang mga kabataan na makadama ng pag-asa at pagiging kabilang habang nabibigkis sila sa Tagapagligtas?

## YUGTO NG BUHAY 3: MGA YOUNG ADULT

**Panoorin ang video ni President Mark L. Pace at ng mga young adult, at pagkatapos ay talakayin kung paano kayo hahayo at kung ano ang gagawin ninyo upang matulungan ang mga young adult na ibigkis ang kanilang mga sarili sa Tagapagligtas sa landas ng tipan.**

- Ano ang matututuhan natin mula sa pagmamahal, pagbabahagi, at pag-aanyaya na inihahandog sa atin ng iba?

- Paano natin maaaring matulungan ang mga young adult na makadama ng pag-asa at pagiging kabilang habang sila ay nagiging higit na self-reliant at naglilingkod sa iba? Paano natin sila maaaring matulungang malaman na kailangan sila sa Simbahan ng Panginoon?
- Ano ang papel na ginagampanan ng mga makabuluhang aktibidad sa Simbahan at mapagmalasakit na mga lider sa pagbibigkis ng mga young adult sa Tagapagligtas?

### YUGTO NG BUHAY 4: MGA ADULT

**Panoorin ang video ni President Jean B. Bingham at ng mga adult, at pagkatapos ay talakayin kung paano kayo hahayo at kung ano ang gagawin ninyo upang matulungan ang mga adult na ibigkis ang kanilang mga sarili sa Tagapagligtas sa landas ng tipan.**

- Paano nakapagdudulot ng paggaling at nakatutulong sa atin na manatili sa landas ang ating mga tipan—maging sa mahihirap na panahon?
- Anong mga paraan ang natutuhan natin na makatutulong sa mga miyembro na ibigkis ang kanilang mga sarili at ang iba sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga tipan at ordenansa?
- Paano tayo natutulungan ng pagkakaroon ng pag-asa sa sariling kakayahan sa espirituwal na magmahal, magbahagi, at mag-anyaya?

RESOURCES PARA SA MGA AREA, COORDINATING, MISSION, STAKE, WARD, AT BRANCH COUNCIL

# Para sa Mga Bata at Kabataan

## BUOD NG MGA BATA AT KABATAAN

*Ang programang Mga Bata at Kabataan ay nilayon upang palakasin ang pananampalataya ng bagong salinlahi kay Jesucristo at tulungan ang mga bata, kabataan, at ang kanilang mga pamilya na sumulong sa landas ng tipan habang hinaharap nila ang mga hamon ng buhay. Nakatutulong ito sa mga bata at kabataan sa kanilang mga pagsisikap na makibahagi sa pagtitipon ng Israel at sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ito ay nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng simbahan.*



### MGA INAASAHAN PARA SA BAGONG SALINLAHI

Ang Mga Bata at Kabataan ay nakatutulong sa bagong salinlahi na umunlad sa maraming paraan, kabilang na sa pamamagitan ng paghahayag, kalayaang pumili, at mga ugnayan. Ang mga indibiduwal ay natututong tumanggap ng personal na paghahayag at kumilos ayon dito habang ginagamit nila ang kalayaang pumili at pumipili sila ng mga pagkakataong umunlad para sa kanilang mga sarili. Nangyayari rin ito habang natututo ang mga kabataan na mamuno sa mga quorum at class presidency. Nagkakaroon sila ng mga ugnayan sa mga pamilya, mga lider, at mga kasing-edad nila habang magkakasama silang gumagawa at naglilingkod at natutuklasan nila na sila ay kabilang at kailangan sa gawain ng Panginoon.

## SAAN TAYO DAPAT MAGSIMULA NGAYON?

Inaanyayahan natin ang mga bata, kabataan, at ang kanilang mga magulang at lider na mangako o muling mangako na maging higit na katulad ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Kanyang gawain. Hindi kailangang maging mahirap ang mga pagsisikap na ito! Narito ang ilang simpleng paraan upang makapagsimula:

### Mga Magulang

- Tipunin ang inyong pamilya para sa pag-aaral ng ebanghelyo. Maaaring makatulong ang mga resources sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Maaari kayong magkaroon ng mga talakayan tungkol sa mga paksa tulad ng mga tipan, paghahayag, kalayaang pumili, at patriarchal blessing.
- Magplano ng isang aktibidad ng pamilya. Paano kayo maaaring makapaglingkod nang ligtas sa isang tao sa inyong lugar o komunidad? Kung saan ito magagamit, maaari kayong matulungan ng JustServe na makahanap ng mga ideya.
- Kausapin nang pa-isa-isa ang bawat anak. Talakayin ang kanilang mga interes at pag-usapan kung paano nila nais na umunlad. Tulungan at suportahan sila sa kanilang personal na pag-unlad. Pag-usapan kung ano ang mga mithiin na itinakda nila o nais nilang maisakatuparan.

### Mga lider ng Primary

- Alamin ang mga kalagayan sa bahay ng mga bata, at maghangad ng paghahayag upang matulungan sila bilang mga indibiduwal.
- Magsimulang magdaos ng mga personal o virtual na miting sa araw ng Linggo at aktibidad sa Primary (kapag ligtas at pinahintulutan).
- Huwag alalahanin kung paano iuugnay ang mga mithiin ng mga indibiduwal sa mga aktibidad! Magtuon kayo sa pakikipag-ugnayan at pagpapala sa mga bata at sa kanilang mga pamilya—lalo na kung nangangailangan o humihingi sila ng tulong.

### Mga adult na lider ng mga kabataan

- Magsimulang magdaos ng mga personal o virtual na miting sa araw ng Linggo at aktibidad sa korum o klase (kapag ligtas at pinahintulutan). Hikayatin ang mga kabataan na sauluhin at bigkasin sa simula ng mga miting ang mga bagong tema ng Young Women at korum ng Aaronic Priesthood.
- Tumawag, magtalaga, at magpalakas ng mga quorum at class presidency. Tulungan silang magdaos ng mga regular na miting ng presidency at magplano ng at mamuno sa mga miting sa araw ng Linggo at mga aktibidad. Magdaos ng mga ward youth council, at manghikayat ng pakikibahagi sa mga missionary at temple and family history coordination meeting. Payuhan at suportahan ang mga presidency kung kailangan nang hindi nananapaw. Tulungan ang mga presidency na matuto ng mga kasanayan sa pamumuno gamit ang resources para sa quorum at class presidency.
- Magplano at magdaos ng mga youth camp at youth conference sa 2021, alinsunod sa mga gabay sa kaligtasan.
- Huwag alalahanin kung paano iuugnay ang mga mithiin ng mga indibiduwal sa mga aktibidad! Ibuhos ang inyong lakas sa pakikipag-ugnayan sa mga mismong kabataan. Maaari rin ninyong tulungan ang mga quorum at class presidency na iugnay ang mga aktibidad sa mga pangangailangan ng mga kabataan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TINGNAN ANG CHILDRENANDYOUTH.CHURCHOFJESUSCHRIST.ORG.

# Para sa mga Adult

## MGA LUGAR NG PAGTITIPON PARA SA MGA YSA

Ang Unang Panguluhan ay nagbigay ng pahintulot sa mga area na magtatag ng mga lugar ng pagtitipon para sa mga young single adult batay sa mga pangangailangan sa area na iyon. Ang lugar ng pagtitipon ay isang nakatalagang lugar sa isang dati nang pasilidad (tulad ng meetinghouse o gusali ng institute) kung saan maaaring magtipon ang mga young single adult at ang kanilang mga kaibigan upang makibahagi sa ilan sa o lahat ng sumusunod (batay sa mga lokal na pangangailangan at resources):

- Panrelihiyong edukasyon at pag-aaral ng ebanghelyo (kabilang na ang institute)
- Mga aktibidad sa paglilingkod at pakikipagkapwa
- Mga aktibidad sa templo at family history
- Mga pagkakataon para sa self-reliance at edukasyon
- Mga aktibidad sa gawaing misyonero at pagtulong sa komunidad
- Iba pang mga programa ng Simbahan



Ang lahat ng lugar ng pagtitipon ay dapat aprubado ng Area Presidency at pinangangasiwaan ng mga stake president at bishop.

## MGA KATUNGKULAN PARA SA MGA YOUNG SINGLE ADULT AT SINGLE ADULT

Nalutas na ng kamakailang mga pagbabago at paglilinaw sa mga patakaran ang mga posibleng hindi pagkakaunawaan at maling tradisyon tungkol sa mga limitasyon sa mga pagkakataon para sa mga single na miyembro na maglingkod sa Simbahan ng Panginoon. Ipinapaliwanag ng mga pagbabago at paglilinaw sa mga patakaran na ito, na aprubado ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa at nakasaad sa *Pangkalahatang Hanbuk*, na ang mga young single adult at single adult ay maaaring mapagpala ng at makapagpala sa iba sa maraming katungkulan, kabilang na bilang mga lider sa stake at ward. Ang gayunding mga patakaran ay ipinatutupad na ngayon sa lahat ng unit ng Simbahan, kabilang na sa mga young single adult at single adult na unit. Tinanggal na ang mga pagbabawal sa mga young single adult at single adult na maglingkod sa mga stake presidency, bishopric, at stake Relief Society presidency sa mga young single adult at single adult na unit.

Ang mga single na miyembro ay maaari nang maglingkod sa mga katungkulan sa pamumuno kabilang na sa mga ward at stake organization presidency, elders quorum presidency, mga counselor sa bishopric, high councilor, at counselor sa stake presidency.

# Pangangailangan at Malugod na Pagtanggap sa Lahat—Magmahal, Magbahagi, at Mag-anyaya

Kapag nahihirapan ang mga miyembro na madamang kabilang sila, kung minsan ay hindi sinasadyang may nasasabi ang mga lider at ang iba na nagpapatibay sa paniniwala ng mga miyembrong ito na hindi sila kabilang o kailangan.

Ang pag-alala sa mga katotohanang ito tungkol sa pagmamahal, pagbabahagi, at pag-aanyaya ay maaaring makatulong sa malugod na pagtanggap sa lahat na maging aktibo, makipagkapatiran, at maging kabilang sa Simbahan ni Jesucristo:

- Ang bawat tao ay minamahal na anak ng Diyos na may banal na katangian at tadhana. Bukod pa sa mga walang hanggang pagpapala na ipinapangako Niya sa matatapat, nais Niyang pagpalain ang Kanyang mga anak ngayon, sa buhay na ito.
- Ang bawat anak ng Diyos ay kailangan sa gawain ng pagtatatag ng Kanyang kaharian.
- Upang matulungan ang isang tao na madamang kabilang at kailangan siya, magsimula sa pagmamahal. Makinig upang maunawaan ang kanyang mga karanasan. Huwag ipalagay na alam o nauunawaan na ninyo ito.
- Hindi natin masasagot ang lahat ng tanong na kakaharapin natin o ng iba sa buhay na ito. Halimbawa, hindi natin alam ang mga dahilan kung bakit maaaring nahaharap ang isang tao sa isang partikular na hamon.



- Maging bukas at hindi mapanghusga. Malugod na tanggapin ang bawat tao, nasaan man ang taong iyon sa kanyang paglalakbay. Mag-alok ng tulong, at magtuon sa katotohanan na ang bawat tao ay kailangan sa Simbahan.
- Kung hindi sinasadyang may nasabi kayong masasakit na salita, huwag itong ipagkaila; humingi ng tawad at pagkatapos ay maghangad ng kapatawaran at pagpapabuti.

PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGTULONG SA MGA MIYEMBRO SA MGA PARTIKULAR NA KALAGAYAN, TINGNAN ANG COUNSELINGRESOURCES.CHURCHOFJESUSCHRIST.ORG.

## MAKATUTULONG NA SABIHING

- **Malugod kang tinatanggap! Ikaw ay kailangan at minamahal. Salamat sa pagpunta rito.**
- **Ikuwento mo sa akin ang iyong karanasan. Ano ang nais mong maunawaan ko?**
- **Malugod ka naming tinatanggap at kailangan ka namin nasaan ka man sa iyong paglalakbay. Paano kami maaaring makatulong? Paano ka maaaring makatulong sa amin?**
- **Nais ng Diyos na maging masaya ka ngayon. Ang Kanyang ebanghelyo ay nagbibigay ng pag-asa at kaligayahan para sa lahat ng Kanyang anak.**

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW


© 2021 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 3/21. PD60012741 893. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika